AKO ANG UNANG TAGAPAGTANGGOL NG HUSTISYA

(Talumpati ni Punong Mahistrado Renato C. Corona sa harap ng mga empleyado ng hudikatura; 2:30 p.m., Wednesday, Disyembre 14, 2011, Supreme Court compound.)

Isang mainit at mapagpalayang hapon po sa ating lahat!

Tunay na hustisya, kadakilaan ng Kataas-taasang Hukuman, at kalayaan ng hudikatura, tatlo pong prinsipyo na nagbibigay sa akin – sa ating lahat – ng lakas at tapang na harapin ang hamon at pagsubok na bunga ng masamang pulitika.

HINDI PO TAYO PAPAYAG NA LAPASTANGANIN AT ALIPUSTAHIN ANG DEMOKRASYA, AT ANG KORTE SUPREMA!

Sa isang iglap, nasampahan po ako ng isang impeachment complaint ng mababang kapulungan na kontrolado ng Liberal Party ni Ginoong Aquino at ng kanyang mga kaalyado. Sa sobrang bilis, parang wala po yatang naka-intindi o nakabasa man lang ng halos animnapung pahinang reklamo o habla. Isang daan, walumpu't walong kinatawan ang basta na lamang lumagda rito para isulong ang aking impeachment. Kinikilala natin ang proseso ng Saligang Batas para sa mga reklamo laban sa mga miyembro ng Korte Suprema. Ngunit ang hindi natin kinikilala ay ang pag-abuso ng kapangyarihan at proseso para samantalahin ang lahat ng paraan, makapagtalaga lamang sila

ng sarili nilang mga mahistrado sa Korte Suprema.

Itong impeachment ay dala ng kasakiman na magkaroon ng isang Korte Suprema na kayang diktahan, na nakukuha sa tingin, at magkakandarapang ipatupad ang kanilang bawat hiling.

Tila yata'y napipikon at hindi sila makapagtalaga ng kanilang punong mahistrado kung susundin ang ating umiiral na Saligang Batas. Kaya pati ang inyong lingkod, hadlang daw sa kaunlaran ng bayan at pagpapatupad ng mga ipinangako sa kampanya!

Pasadahan po natin ang mga walang katuturang paratang ng ating mga magigiting na mambabatas. Walo (8) po ang hinain na paratang laban sa akin. Kaagad, makikitang dalawang uri ang bintang na nilalaman nito: sa isang banda, 'yung mga reklamong tumutukoy sa mga personal kong kilos, at sa kabilang banda naman, ang mga reklamo na tumutukoy sa mga opisyal na pagkilos o hatol ng Korte Suprema.

Mariin kong itinatanggi ang mga bintang na may katiwalian sa mga pansarili kong kilos. Hindi po totoo ang sinasabing ayaw ko raw ilabas ang aking Statement of Assets, Liabilities

and Net Worth. Ito'y isang dokumentong sinusumite ko taun-taon ng walang patid. Malaking kasinungalingan ang paratang na ito.

Ako raw po ay isang midnight appointee. Dapat raw po, hindi ko tinanggap ang paghirang sa akin. Bakit po ba, para si Ginoong Aquino ang makapagtalaga ng kaniyang sariling chief justice na hawak niya sa leeg? Mapapa-iling ka talaga. Ang pagtatalaga sa inyong lingkod ay dumaan sa isang masusing proseso na ayon sa ating Saligang Batas. Kasama po dito ang proseso ng Judicial and Bar Council na noon ay pinangungunahan ng dating Punong Mahistrado

Reynato Puno. Matagal na po itong pinagpasyahan ng Korte Suprema. Matagal nang tapos ito. Kung may reklamo man sila sa hatol ng Korte Suprema, sana ay noon pa, ipinaglaban na nila.

Binubuhay ito para painitin ang damdamin ng ating mga kababayan at mawalaan tayo ng tiwala sa Korte Suprema at hudikatura. Di po ba't may kasabihan na "ang isang kasinungalingan, kapag inulit ng inulit, pagtagal, ay siyang tinatanggap bilang katotohanan?" Paano po naman naging kasalanan ang pagtanggap ng isang dakilang karangalan tulad nito? Ito ay isa lamang pong

paninira ng aking katapatan sa katungkulan, kasama na po ang puri at dangal ng Kataas taasang Hukuman.

Nguni't ang kasukdulan ng pambabastos, sa aking pananaw, ay ang pagdawit ng aking may-bahay sa reklamong ito. Baka akala nila na sa ganitong paraan ako po'y madaling susuko. Mapalad po ako na mayroon akong isang mabait at matatag na kasama sa buhay, na siya ring pinagkukunan ko ng lakas at inspirasyon. Mahal na mahal kita, Tina.

Walang katotohan ang kanilang mga paratang – puro kasinungalingan. At

patutunayan namin na ito ay isang pag-blackmail lamang. Lingid po yata sa kanilang kaalaman na si Ginang Corona ay una pang naitalaga bago ako naging mahistrado. Bakit, hindi po ba dito sa kasalukuyang administrasyon, mayroong isang mag-asawa, kasama ang kanilang mga anak, na may matataas na puwesto?

Ang mga natitirang paratang ay ukol naman sa mga pasiya at iba pang matagal nang patakaran ng Korte Suprema. Alalahanin po natin na ayon sa ating Saligang Batas, ang Korte Suprema ay binubuo ng isang punong mahistrado at labing-apat na katulong na

mahistrado. Mayroon po lamang kaming tig-iisang boto, at ito po ay pantay-pantay. Ang aking boto ay kapareho lamang ng boto ng pinakahuling naitalagang mahistrado. Ang pwersa at bisa ng aking pananaw ay kapantay lamang ng pwersa at bisa ng pananaw ng kahit sino mang mahistrado. Pantay-pantay po kaming lahat dito.

At sa mga isyu na sinasabi nilang kaugnay sa dating pangulo, wala po kaming kinakatigan dito sa hukumang ito. Ang aming pasiya ay pasiya ng buong Korte Suprema at resulta ng mga indibidwal na opinyon. Ang opinyon ng isang mahistrado ay hindi desisyon ng Korte

Suprema. Kahit sinumang abogado ay magsasabi sa inyo na hindi po pwedeng yapak-yapakan ang karapatan ng sinuman sa ilalim ng Saligang Batas, habang hindi mo pa napapatunayan na siya ay nagkasala. May mandato ang korte na ipagtanggol higit sa lahat ang karapatang pang-tao ng indibidwal kontra sa labis-labis na kapangyarihan ng pamahalaan, lalong-lalo na kung wala pang naisasampang kaso. Matagal na itong prinsipio sa batas at hindi na kailangang idebate. Ito ang tinatawag na PRESUMPTION OF INNOCENCE and RESPECT FOR HUMAN RIGHTS.

Isampa ang tamang kaso sa loob ng wastong oras, na may tamang ebidensya, para walang magawa ang korte kung di hatulan at ipakulong ang nagkasala sa lipunan. Panagutin natin ang dapat managot, pero idaan natin sa wasto at tamang proseso sa ilalim ng Saligang Batas. Ano po ba ang napakahirap intindihin sa bagay na ito?

Ibang-iba po ang palakad sa gabinete, sapagkat doon, lahat ng miyembro ay mga alalay, alagad at utusan ng pangulo. Sa loob ng gabinete, ang utos ng hari, hindi nababali. Dito po sa Korte Suprema, ang pananaw ng punong mahistrado ay isa lamang. Gaya nga ng sinabi

ko, kami ay patas at pare-pareho lamang na nagbibigay halaga at respeto sa opinyon ng bawat isa. Wala po kaming tungkulin at balak na maging sunod-sunuran sa isa't-isa.

Ngayon, ipagpalagay na natin na malimit kasama ko ang mayorya sa botohan, maari ba namang magmistulang pagkampi ito, samantalang nakararami kaming sumasang-ayon sa isang pananaw? Kasalanan po ba na ako'y kasapi ng mayorya ng Korte sa iilang mga kaso? Marami din naman pong kaso na nasa menorya ako sapagka't natalo sa botohan ang aming pananaw. Ito ang magpapatunay na

walang nagdidikta ng boto dito sa Korte Suprema.

Kaya nga po dito natin makikita ang likas na talino at sadyang makatarungan na sistema ng hustisya sa ating saligang batas: labing-lima po kami sa Korte Suprema, upang masiguro na mangibabaw ang pananaw ng mas nakakarami. Hindi maaring magtagumpay ang pananaw ng nag-iisang mahistrado.

Samakatuwid, itong mga paratang ng pagkiling laban sa akin ay bunga lamang ng malisya at kathang-isip. Malamang, umaasa ang mga kalaban ng Korte, na ako at ang ibang

miyembro na di nila kayang diktahan, ay mag-bibitiw sa tungkulin.

At kung sakaling magtagumpay ang impeachment na ito laban sa akin, ano sa palagay ninyo ang mangyayari? Simple lang po mga mahal kong mga kababayan --- kay Ginoong Aquino na ang gabinete, kontrolado na niya ang kongreso, at hawak na niya ang Korte Suprema. Paulit-ulit nalang nilang isinisigaw ang checks and balances ng three co-equal branches of government, ngunit ang kanilang mga pagkilos ay patungo sa pagsakop sa buong sistema at kapangyarihan ng pamahalaan. Itong mga itinatanim niyang gawain ay siguradong

mamumunga lamang ng isang diktadura; isang diktadura na nagmula sa paglilinlang at paglalason sa pag-iisip ng ating mga kababayan.

At ngayon, sasabihin ko po sa kanilang lahat: ako'y tumututol sa walang-tigil na pang-aalipusta, pangduduro at pananakot. Ako'y tumututol sa dahan-dahang binubuong diktadura ni Pangulong Benigno Simeon Aquino III.

Kahapon lamang, iginigiit ng palasyo na hindi raw ang Korte Suprema o hudikatura, at ako lang daw, ang tinitira dito sa impeachment. Ito po'y malaking kasinungalingan, dahil hindi

ako naniniwala na si Renato Corona lang ang tumututol sa diktadura. Walang katotohanan na si Renato Corona lamang ang gusto nilang tanggalin sa Korte Suprema. Naniniwala po ako na tayong lahat ang kinakalaban, pati na ang mga walang-malay nilang tagahanga. Sapagkat ang tunay na layunin ay wasakin ang hudikatura, wasakin ang ating demokrasya, at pairalin ang utos ng mahal na hari. Ito ang patutunguhan ng baluktot na "Daang Matuwid."

Matagal na po akong nagtitimpi. Hindi ko po maintindihan kung bakit nanggigigil ng husto sa akin ang mahal nating pangulo, magmula pa po sa kanyang pagkaluklok sa pwesto.

Tuwing kami'y nagkikita, lubos kong pinararamdam na kami'y dapat mag-ugnayan, magsama at magtulungan para sa bayan. Marami po tayong problema. Nandiyan po ang mabagal na takbo ng ekonomiya, kawalan ng trabaho, kahirapan at kagutuman. Mukhang hindi po niya naintindihan.

Kamakailan lamang, tinuya na naman po tayo ng harap-harapan. Tulad ng tunay na Kristianong Batangueño, tayo po ay nagpigil, at ito po ay ating pinalampas.

WALA PO AKONG KASALANAN SA INYO, GINOONG PANGULO. WALA PO AKONG KASALANAN SA TAONG-BAYAN.

Sabi nila, sarili ko lang daw po ang nakataya dito. Ang pinaglalaban po natin dito ay ang kalayaan ng Korte Suprema, kalayaan ng hudikatura, at ang pagtanggol ng demokrasya sa ilalim ng Saligang Batas. Hindi po ako papayag na sumuko sa matinding pagtatangka na mapasailalim ng ibang sangay ng pamahalaan ang Korte Suprema. Una akong tututol. Una akong lalaban.

Ginoong Pangulo, ako po ang *primus inter pares* dito sa Korte Suprema. Ang ibig sabihin po nito, kung kailangan ipaglaban ang Korte Suprema, ako ang uuna.

Huwag na po nating isubo ang Korte Suprema sa ano pang pagsubok o batikos ng mga mapagsamantala. Yaman din lang na ang ipinaglalaban dito ay ang Korte Suprema at ang demokrasya, karangalan at katungkulan ko po na labanan itong impeachment para sa ating lahat. Haharapin ko nang buong tapang at talino ang mga walang basehang paratang na ito, punto por punto, sa Senado. Handang-handa akong humarap sa paglilitis.

Mga kasama, matapat kong sinasabi sa inyo, mahimbing ang tulog ko at tahimik ang aking konsyensya dahil sa pagpapatupad ng lahat ng aking mga tungkulin. Ako'y nanatiling matapat sa Panginoon, sa aking sarili, sa batas, at sa sinumang tao.

Para sa mga ngayon pa lang nakakarinig ng aking panawagan, inaanyayahan ko kayong makiisa sa amin. Ngayon pa lamang ay taos-puso na ang aking pasasalamat sa inyo sa inyong pagtaguyod, pakikiisa at pagpapalakas ng aming loob.

Mga minamahal kong kababayan, sa aking pagharap sa isang mapanganib na katunggali, ang aking tanging sandigan ay ang inyong pakiki-akibat, at ang paninindigan para sa Lumikha at sa ating bayan. Buong pagkukumbaba kong hinihiling ang inyong pang-unawa, subalit higit sa lahat, hinihiling kong samahan ninyo ako sa aking laban at misyon.

Muli, isang maganda at maalab na hapon po sa inyong lahat. Sana'y pagpalain po tayong lahat ng Maykapal.